

Gabay 7

Pagtrato sa pang-aabusong batay sa mga imahe

Ang pang-abusong batay sa mga imahe ay nangyayari kapag ang maselang imahe ay ibinahagi, o nagbabantang ibabahagi, nang walang pagsang-ayon ng tao na nasa imahe. Ang gawaing ito ay madalas ding tawaging 'paghihiganting porno' (revenge porn).

Isa sa sampung Australyano ay nakaranas na ng pang-aabusong batay sa imahe.

Sa pang-aabusong batay sa imahe, maaaring kang makaramdam ng panlalait, panghihiya, kawalan ng kapangyarihan at takot. Maaari nitong makapektuhan ang iyong pagpapahalaga sa sarili, kalusugan ng pag-iisip at pangangatawan at mga ugnayan sa mga kaibigan, kapamilya at partner.

Hindi ka dapat sisihin kung ibinahagi o nagbabanta ang sinuman na ibahagi ang iyong imahe nang walang pahintulot mo. Wala kang ginawang mali at may mga hakbang na maaari mong gawin kung ito ay mangyayari sa iyo.

Ano ang isang 'maselang imahe'?

Ang maselang imahe (intimate image) ay isang larawan o video na nagpapakita, o tila nagpapakita ng:

- bahagi ng ari o bahagi ng puwitan ng isang tao (kahit na natatakpan ng salawal)
- suso ng isang tao (kung ang tao ay babae, transgender o intersex)
- pribadong gawain (hal. kung ang tao ay naghuhubad, gumagamit ng kubeta, nagsa-shower, naliligo sa bath tub o nakikipagtalik)
- isang tao na walang suot na damit pangrelihiyon o pangkultura, kung karaniwan niyang suot ang ganitong damit sa publiko.



Gumawa ng ulat, at humingi ng tulong

Ikaw (o ang isang taong awtorisadong kumatawan sa iyo) ay maaaring mag-ulat sa aming pangkat sa Office of the eSafety Commissioner, gamit ang pormularyo sa aming site

esafety.gov.au/iba.

Kapag ikaw ay nag-ulat sa amin, makikipagtulungan kami sa iyo upang subukang tanggalin ang maselang imahe. Maaaring kabilang dito ang pagpapadala ng maipapatupad na mga abiso ng pagtatanggal sa serbisyo kung saan nakapost ang iyong maselang imahe, o direkta sa taong nakapost ng iyong imahe.

Sa ilang mga kaso, maaari kaming gumawa ng aksyon laban sa taong nakapost o nagbantang magpopost ng iyong maselang imahe, kung ito ang gusto mong gawin namin. Maaaring kabilang sa mga aksyon ang pag-iisyu ng pormal na mga babala, pagbibigay ng mga abiso ng paglabag at kahit ang paghingi ng kautusan sa pagpigil (injunction) o kautusan ng parusang sibil mula sa korte.

Upang makagawa kami ng aksyon, kailangang may koneksiyon ka sa Australya. Nangangahulugan ito na:

- nakatira ka sa Australya; O
- ang taong nagpost o nagbantang magpost ng iyong maselang imahe, ay nakatira sa Australya; o
- ang maselang imahe o video ay naka-host sa Australya.

Madali lang ang mag-ulat.

Pumunta sa esafety.gov.au/iba at i-click ang buton na 'Report now' (Mag-ulat ngayon) sa ibaba ng pahina.

Sa pormularyo ng ulat, kailangan mong sabihin sa amin:

- Kung ano ang kailangan mong tulong – halimbawa, mga imahe na inilagay sa isang website o mga natanggap mong pagbabanta ng pagpost ng imahe.
- Kung ano ang nararamdaman mo, para matiyak namin na ikaw ay may suportang emosyonal na kailangan mo.
- Kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang nang ang larawan o video ay kinunan at kung saang grupo ng edad (age group) ka kasali sa kasalukuyan.
- Kung saan maaaring matagpuan ang (mga) larawan o (mga) video sa online – kasama hangga't maaari ang maraming mga detalye.
- Kung ano ang nangyari – matutulungan kami nitong matasa kung may iba pang panganib na matutulungan naming pamahalaan mo; halimbawa, kung may nakatalagang mga kautusan na proteksyon laban sa karahasan sa tahanan o sa pamilya.
- Kung alam mo kung sino may kagagawan nito, at kung palagay ang loob mo na kontakin namin ang taong ito (tumutulong ito sa aming pangkat upang matasa kung kami ay maaaring gumawa ng aksyon laban sa taong may kagagawan nito.)
- Ang kalalabasan na inaasahan mo – kung gusto mo ng tulong namin upang tanggalin ang iyong maselang imahe, o kung gusto mong gumawa kami ng aksyon laban sa taong may kagagawan o pareho).
- Kung ang pulisya ay kasangkot (kailangan naming makipag-ugnayan sa kanila upang alamin kung ang anumang katibayan na kailangan para sa iyong kaso ay na-preserba bago namin ipatanggal ang imahe).

Oras na nag-ulat ka sa amin, makikipag-ugnayan kami sa lalong madaling panahon hangga't maaari - karaniwan ay sa loob ng 1-2 araw ng trabaho.

Kung nakapost ang iyong maselang mga imahe sa serbisyo ng social media, maaari ka ring mag-ulat nang direktso sa serbisyo ng social media na kasangkot - ito ang kadalasang pinakamabilis

na paraan upang matanggal ang mga imahe sa mga serbisyong ito. Karamihan ng mga serbisyo ng social media ay may seksyon na Tulong or Pag-uulat sa kanilang site, at mga kondisyon ng serbisyo na nagbabawal sa pagpost ng ilang mga uri ng nilalaman, kabilang na ang mapang-abusong imahe.

Maaari mong mahanap ang karagdagang impormasyon (sa Ingles) sa aming website kung paano mag-ulat sa [mga site ng social media](https://esafety.gov.au/image-based-abuse/action/remove-images-video/report-to-social-media-service-website/how-to-report-to-popular-sites) esafety.gov.au/image-based-abuse/action/remove-images-video/report-to-social-media-service-website/how-to-report-to-popular-sites.

Humingi ng tulong

Tandaan! Ang pang-aabuso sa pamamagitan ng teknolohiya ay hindi OK at hindi mo ito kasalanan. May makukuhang tulong, at hindi mo ito kailangang harapin nang mag-isa.

Kung hindi ligtas ang iyong pakiramdam, kontakin ang mga serbisyo ng pulisya at serbisyong ng-emerhensya sa pamamagitan ng pagtawag sa **Triple Zero (000)**.

Kung hindi ka nagsasalita ng Ingles

Tawagan ang **Triple Zero (000)** mula sa teleponong landline at hilingin ang **'Police', 'Fire' or 'Ambulance' ('Pulisya', 'Sunog', o 'Ambulansya')**. Huwag ibababa ang telepono at ikaw ay iugnay sa isang interpreter.

Kung ito ay hindi isang emerhensya, tumawag o sadyain ang himpilan ng pulis sa inyong lugar.

Para sa karagdagang tulong, kontakin kaagad ang **1800RESPECT** mula sa isang ligtas na telepono o device:

1800 737 732

1800respect.org.au

Ang **1800RESPECT** ay nagbibigay ng 24-oras na libre at kumpidensyal na pagpapalano sa kaligtasan, pagpapayo at suporta sa lahat ng mga uri ng pang-aabuso, kabilang ang pang-aabuso ng pamilya at seksuwal na pang-aabuso. Maaari ka rin nilang iugnay sa iba pang mga serbisyo sa inyong lugar. Pumunta sa 1800respect.org.au/languages para sa karagdagang impormasyon, payo at mga video sa ibang mga wika.

LifeLine**13 11 14**LifeLine.org.au

Ang LifeLine ay nagpapaubaya ng 24/7 na suporta sa krisis at mga serbisyong pumipigil sa pagpapakamatay para sa mga taong nangangailangan ng agarang tulong.

Ang 24-oras na sentro ng suporta sa krisis ng LifeLine ay maaaring makatulong sa iyo sa:

- Pag-iisip ng pagpapakamatay o pagtatangka nito
- Personal na krisis
- Pang-aabuso at trauma
- Impormasyon para matulungan ang sarili (self-help) para sa mga kaibigan at kapamilya

Kung hindi ka nagsasalita ng Ingles at kailangan mo ng interpreter, sundin ang mga tagubiling ito:

1. Tawagan ang Serbisyo ng Pagsasalang-wika at Pag-iinterpretar (TIS - Translating and Interpreter Service) sa 131 450.
2. Hilingin na makausap ang LifeLine sa 13 11 14 sa iyong wika.
3. Tatawagan ng TIS ang numero ng LifeLine at magsasalang-wika para sa iyo.
4. Ipagpatuloy ang iyong pakikipag-usap sa LifeLine at sa interpreter ng TIS na nasa linya.

Ang tawag sa TIS ay may halaga ng lokal na tawag mula sa mga landline. May karagdagang bayad para sa mga tawag mula sa mga mobile phone.

Pumunta sa tisonational.gov.au para alamin ang higit pa.

Beyondblue**1300 22 4636**Beyondblue.org.au/Get-support/Get-immediate-support

Ang Beyondblue ay nagpapaubaya ng 24/7, walang bayad at kumpidensyal na suporta mula sa kwalipikadong mga propesyonal sa kalusugan ng isip. Matutulungan nilang tukuyin kung dumaranas ka ng depresyon o pagkabalisa, na mga kondisyong magagamot.

Kung kailangan mo ng tulong sa Ingles, makakakuha ka ng libreng pag-iinterpretar mula sa pambansang Serbisyo ng Pagsasalang-wika at Pag-iinterpretar (TIS National) tisonational.gov.au

Nagbibigay din ang Beyondblue ng impormasyon at suporta sa kalusugan ng isip sa ibang mga wika. Beyondblue.org.au/who-does-it-affect/multicultural-people/translated-mental-health-resources.

Kumuha ng legal na tulong

Kung ang pang-aabusong batay sa imahe ay bahagi ng karahasan sa pamilya o tahanan, ang pananatiling ligtas ay numero uno mong prayoridad.

Makipag-usap sa 1800RESPECT, sa pulisya o sa serbisyo ng batas, upang matiyak na mayroon kang plano ng kaligtasan na nakatalaga bago mo hilingin na tanggalin ang maseselang mga imahe (intimate images).

Kung ang pang-aabusong batay sa imahe ay nangyari sa iyo, iba't ibang batas ang maaaring ilapat, depende kung saang estado o teritoryo ka nakatira. Ang abogado ang makapagpapayo kung ano ang iyong mga mapagpipilian.

Maaari mo ring pag-isipan na mag-ulat sa pulisya. Kung hindi ligtas ang pakiramdam mo, maaaring kailangan mo ng proteksyon ng batas sa pamamagitan ng kautusang pamproteksyon (protection order) upang pigilan ang pang-abuso ng taong ito sa:

- pagbabanta na ibabahagi ang iyong maseselang mga larawan o video
- paglapit sa iyo
- pagkontak sa iyo
- pagsubaybay kung saan ka pumupunta at kung ano ang ginagawa mo.

Pangangalap ng katibayan

Ang pag-rekord at pangongolekta ng mga katibayan ng pang-aabusong nakabatay sa imahe ay makatutulong upang patunayan ang iyong kaso. Ang halimbawa ng mga katibayan ay kinabibilangan ng:

- mga screenshot
- naka-save na mga mensahe ng voicemail
- nakalimbag na mga email at mga post sa social media
- nakasulat na mga pahayag ng nangyari sa log o talaarawan.

Ang karagdagang impormasyon sa pangangalap ng mga katibayan ay matatagpuan (sa Ingles) sa site ng Esafetywomen.esafety.gov.au/women/take-control/esafety-planning/collecting-evidence.